Doktrina at mga Tipan 101

# Ang Talinghaga tungkol sa Taong Maharlika: Isang Aral sa Pagsunod

Ang Doktrina at mga Tipan 101:43–62 ay naglalahad ng isang talinghaga na ibinigay upang ipaliwanag kung bakit pinalayas ang mga Banal sa Missouri.

**Pinag-aalinlanganan ko ba ang mga kautusan ng Diyos?**
Kayo rin ba, tulad ng mga tagapaglingkod, ay nag-aalinlangan kung talagang mahalaga ang isang kautusan? Itinuturo sa atin ng talinghagang ito na ang mga kautusan ng Panginoon ay nagpoprotekta at tumutulong sa atin na mamuhay nang maligaya (tingnan din sa Mosias 2:41; Doktrina at mga Tipan 82:8–10).

Ano ang dapat nating gawin kapag hindi natin nauunawaan na kailangan ang kautusan?

- Pag-aralan ang paksa at ipagdasal na tulungan tayo ng Panginoon na "[madama] na ito ay tama" (Doktrina at mga Tipan 9:8).
- Alalahanin ang mga nangyari noon kung saan ang pagsunod ay nagdulot ng mga pagpapala.[1]
- Kumilos nang may pananampalataya, nagtitiwala na makauunawa tayo "[matapos] ang pagsubok sa [ating] pananampalataya." (Eter 12:6).

**TALA**

1. Tingnan sa Neil L. Andersen, "Mga Alaala na Espirituwal na Nagpapatibay," *Liahona,* Mayo 2020, 18–22.



Sa talinghaga, ang mga tagapaglingkod ay nagsimulang magtayo ng tore ngunit pagkatapos ay nagpasiya sila na "walang paggagamitan" nito (Doktrina at mga Tipan 101:49). Ngunit dahil hindi nila itinayo ang tore, walang nagbabala sa kanila nang dumating ang kaaway at sinira nito ang olibohan.

*Isang* **taong maharlika** *ang nag-utos sa kanyang mga tagapaglingkod na magtanim ng mga puno ng olibo at maglagay ng bakod sa palibot ng mga puno at magtayo ng tore upang makita ng isang bantay ang buong lupain.*

*Ang* **mga tagapaglingkod** *ay nagtanim ng mga puno ng olibo at naglagay ng bakod ngunit nagpasiyang huwag magtayo ng tore.*

*Isang* **di-inaasahang kaawayं** *ang sumira sa olibohan.*

MGA PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN